

# Mga peripheral nerve block

Ipinapaliwanag sa leaflet na ito kung ano ang dapat asahan kapag nagpa-nerve block para sa iyong operasyon. Ito ay isinulat sa pagtutulungan ng mga anesthetist, pasyente, at kinatawan ng mga pasyente.

## Mga Nilalaman

Ipinapaliwanag ng leaflet na ito:

- ano ang nerve block
- bakit maaaring may pakinabang ito para sa iyong operasyon
- paano ito gumagana
- ano ang mangyayari pagkatapos
- mga panganib at pinagsamang paggawa ng desisyon.

## Tungkol sa mga nerve block

Ang mga nerve block ay mga iniksyon na pampamanhid na ibinibigay upang mamahid ang mga ugat na nagsusuplay sa partikular na bahagi ng katawan, halimbawa, isang braso, kamay, binti, o paa. Hinaharang ng iniksyon ng local anesthetic ang mga senyales ng kirot at ginagawang manhid at hindi maigalaw ang bahagi ng katawan, bagama't maaari mo pa ring maramdaman ang paggalaw at paghila habang may operasyon.

Maaaring gamitin ang mga nerve block sa halip na general anesthetic sa ilang pagkakataon. Maaaring mas kapaki-pakinabang ito para sa mga pasyente na may mga medikal na kondisyon na naglalagay sa kanila sa mas mataas na panganib mula sa general anesthetic. Ang isa pang benepisyo ng pagkakaroon ng operasyon sa ilalim ng nerve block ay ang mas mababang panganib sa ilang komplikasyon na nauugnay sa general anesthetic.

Ang nerve block ay maaari ring isama sa general anesthetic para makatulong sa pagkontrol ng kirot pagkatapos ng operasyon. Maaari itong magbigay ng pampawi ng kirot ng hanggang 24 na oras pagkatapos ng operasyon, bagama't ang ilang bahagi ng katawan ay maaaring makaramdam ng pamamanhid ng hanggang 48 oras.

Ang sedation ay kadalasang ibinibigay na kasama ang nerve block upang ikaw ay maging kalmado at inaantok habang may operasyon. Maaaring magaan o malalim ang sedation at maaari mong matandaan ang lahat, ilang bagay, o wala pagkatapos ng sedation. Maaari mong higit pang mabasa ang tungkol sa sedation sa aming leaflet *Sedation explained* na makikita sa iba't-ibang wika dito:

[www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages](http://www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages)

Matutulungan ka ng iyong anesthetist na magdesisyon kung alin sa mga opsyong ito ang pinakamabuti para sa iyo at iyong operasyon.

### **Mga benepisyo ng mga peripheral nerve block**

- Mas mahusay na pampawi ng kirot pagkatapos ng operasyon.
- Mas kaunting pangangailangan para sa mga gamot na pampawi ng kirot na naglalaman ng mga opioid sa agarang panahon pagkatapos ng operasyon. Ang mga ito ay maaaring makasama sa iyong pakiramdam at maaari ring magdulot ng pagtitibi. Mas bihira ang panganib ng pagkaadik kung ginagamit mo ang mga ito sa mahabang panahon.
- Pag-iwas sa general anesthetic, kabilang ang mga panganib at side effect nito. Kabilang sa mga karaniwang side effect ng general anesthetic ay ang pagsama ng pakiramdam, pamamaga ng lalamunan, at pagkaantok.
- Ang kakayahang bumangon at gumalaw nang mas maaga at makaalis agad ng ospital.

### **Ang klinikang nagsusuri bago ang operasyon (pre-assessment)**

Kung mayroon kang nakaplanong operasyon, maaari kang maimbitahan ilang linggo o araw bago ang iyong operasyon sa klinikang nagsusuri bago ang operasyon. Minsan, para sa mas minor surgery, may nars na magsasagawa ng tawag sa telepono para pasagutin ka ng ilang katanungan.

Mangyaring dalhin mo (o ihanda para sa tawag sa telepono) ang mga sumusunod:

- listahan ng iyong kasalukuyang mga gamot o dalhin mo ang iyong mga gamot na nasa buong packaging
- kung ikaw ay umiinom ng anumang gamot na pampalabnaw ng dugo, mahalagang malaman ito ng pre-assessment team at matalakay kung kailangan mong itigil ang pag-inom ng mga nasabing gamot bago ang iyong operasyon
- anumang impormasyong mayroon ka tungkol sa mga pagsusuri at gamutan na natanggap mo sa ibang ospital
- impormasyon tungkol sa anumang problema na maaaring mayroon ka o ang iyong pamilya sa mga anesthetic
- anumang kamakailang sukat ng presyon ng dugo.

Maaari kang makipagkita sa anesthesist sa klinika.. Kung hindi man, maaari kayong magkita ng iyong anesthesist sa ospital sa mismong araw ng iyong operasyon.

## Sa araw ng iyong operasyon

Dapat kang bigyan ng ospital ng mga malinaw na tagubilin tungkol sa pagkain, pag-inom, at pag-inom ng iyong gamot. Mahalagang sundan ang mga tagubiling ito.

### Pagsisimula ng nerve block

Ikaw ay kadalasang dadalhin sa kuwarto na malapit sa silid ng operasyon o anesthetic para mabigyan ng nerve block. Ang mga kagamitan sa pagsubaybay ay ikokonekta upang masubaybayan ng team ang iyong kondisyon sa buong operasyon.

Lilinisin ang balat sa palibot ng lugar ng iniksyon at may ituturok na kaunting local anesthetic para mamahid ang iyong balat - may kaunting kirot kapag pumapasok ito sa mga kalamnan.

Matapos maging mahid ang balat, gagamit ng ibang karayom upang maisagawa ang nerve block. Gagamit din ng ultrasound machine ang anesthesist upang makita kung nasaan ang mga ugat at ituturok ang anesthetic sa tamang lugar.

Karamihan sa mga tao ang nagsabing ang mga iniksyon ay hindi mas masakit sa paglagay ng cannula (isang manipis na plastik na tubo na ipinasok sa daluyan ng dugo).

Ang bahagi ng iyong katawan ay magsisimulang makaramdam ng pag-init at pangangati bago tuluyang makaramdam ng pagbigat at pamamahid. Ang iniksyon ay karaniwang tatalab sa pagitan ng 20 at 40 minuto. Susuriin ng anesthesist ang iyong nararamdaman sa iba't ibang bahagi ng katawan. Hindi ka dadalhin sa silid ng operasyon hangga't hindi nakakatiyak ang anesthesist na tumalab nang maayos ang nerve block.

Kung ang nerve block ay hindi tuluyang tumalab, bibigyan ka ng mas maraming local anesthetic, karagdagang pampawi ng kirot, o general anesthetic.

### Habang inooperahan

May screen na ipoposisyon sa paraang hindi mo makikita ang ginagawang operasyon.

Habang inooperahan, maaari kang makinig ng sariling musika sa iyong device na may headphones – dapat mong tanungin kung posible ito.

Ang silid ng operasyon ay isang abalang lugar – karaniwang may lima hanggang walong tao sa silid ng operasyon, bawat isa ay may sariling tungkulin sa pagtulong sa iyong pangangalaga. Sasamahan ka ng isang miyembro ng iyong anesthetic team sa buong panahon ng operasyon at kung minsan, may ibang miyembro ng team ang maaari ring kumausap sa iyo at tutulungang alagaan ka.

Kung ikaw ay bibigyan ng sedation, magiging kalmado at antukin ka. Bibigyan ka ng oxygen sa pamamagitan ng isang magaan na plastik na facemask. Maaaring

mayroon kang mga alaala na nasa silid ng operasyon, bagama't maaaring ito ay hindi kumpleto.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa sedation, mangyaring basahin ang aming Sedation explained na makikita sa iba't-ibang wika dito:

[www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages](http://www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages)

## Pagkatapos ng operasyon

Ang epekto ng nerve block ay maaaring tumagal ng hanggang 48 oras. Sa panahong ito, ang bahagi ng katawan na nabigyan ng pampamanhid ay napakabigat ang pakiramdam at kakailanganin mong masuportahan hanggang sa magsimulang gumana muli ang iyong mga kalamnan. Maaaring kailanganin mo ng kasama na tutulong para maisagawa ang iyong mga pang-araw-araw na gawain habang nagpapagaling ka mula sa operasyon.

Habang unti-unting nawawala ang epekto ng nerve block, maaari kang makaranas na tinutusok-tusok ang iyong mga daliri sa kamay at paa. Ito ay normal.

## Aftercare sa bahay

Bago ma-discharge, bibigyan ka ng impormasyon upang tulungan kang magpagaling sa bahay. Dapat mong gamitin ang anumang pangsuyog na ibinigay sa iyo sa sandaling bumalik sa bahay. Ito ay dahil mawawalan ka ng pakiramdam sa lugar ng operasyon, at maaaring mas madali kang makaranas ng pinsala. Ang pamamanhid ay kadalasang tumatagal ng hanggang 48 oras.

- Maglaan ng espesyal na pag-iingat sa paligid ng mga mapagkukunan ng init, tulad ng mga sunog o radiator. Hindi mo mararamdaman ang init habang manhid ang bahagi ng katawan, at maaaring mapasong mo ang iyong sarili.
- Iwasang gumamit ng anumang makinarya o kagamitan sa bahay, tulad ng mga takure, plantsa, at kagamitan sa pagluluto.
- Simulan ang pag-inom ng iyong mga gamot na pampawi ng kirot bago tuluyang mawala ang epekto ng nerve block at ayon sa tagubilin ng ospital. Mahalaga ito dahil maaaring biglang tumigil ang epekto ng nerve block.

## Kailan dapat humingi ng tulong

Kakailanganin mong humingi ng tulong mula sa mga medikal na serbisyo na pang-emergency kung:

- napapansin mo ang hindi maipaliwanag na paghapo
- nakaranas ka ng matinding pangigingirot na hindi kayang kontrolin ng mga gamot na pampawi ng kirot.

Kung hindi pa rin nawala ang epekto ang iyong nerve block dalawang araw pagkatapos ng operasyon, kailangan mong makipag-ugnayan sa departamento ng anesthetic sa numerong nakalagay sa iyong papeles sa pag-discharge.

## Karagdagang impormasyon tungkol sa mga nerve block

Ang RA-UK, ang grupo ng espesiyalista para sa regional anesthesia, ay gumawa ng isang video ng impormasyon tungkol sa mga nerve block para sa mga pasyente:

Nerve blocks: an information video for patients:

[www.ra-uk.org/index.php/patient-info-video](http://www.ra-uk.org/index.php/patient-info-video)

## Panganib at pinagsamang paggawa ng desisyon

Ang mga makabagong anesthetic, kabilang ang mga nerve block, ay napakaligtas. Gayunpaman, may ilang karaniwang side effect na nauugnay sa mga nerve block, na kadalasan ay hindi seryoso o pangmatagalan. Mas bihirang mangyari na ang mga nerve block ay magdulot ng pinsala sa mga ugat.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga nasabing panganib ay matatagpuan sa aming risk leaflet Nerve damage associated with peripheral nerve block.

Tatalakayin sa iyo ng iyong anesthetist ang mga panganib na sa palagay niya ay mas mahalaga para sa iyo. Tatalakayin lang nila ang mga hindi karaniwang panganib kung makakaapekto ang mga ito sa iyo.

## Pinagsamang paggawa ng desisyon

Ang pinagsamang paggawa ng desisyon ay nagbibigay ng kasiguraduhan na ang mga indibidwal ay nasusuportahan sa mga desisyon na tama para sa kanila. Ito ay proseso ng pagtutulungan kung saan susuportahan ng clinician ang pasyente na makapagdesisyon sa kanyang gamutan.

Ang pag-uusap ay pinagsasama-sama:

- ang kasanayan ng clinician, tulad ng mga opsyon sa gamutan, ebidensya, panganib at benepisyo
- ang alam ng pasyente na mas makakabuti: ang kanyang mga kagustuhan, personal na kalagayan, layunin, pinahahalagahan, at paniniwala.

Alamin ang karagdagang impormasyon sa:

[www.england.nhs.uk/personalisedcare/shared-decision-making](http://www.england.nhs.uk/personalisedcare/shared-decision-making)

Narito ang ilang tool na maaari mong gamitin para mas maunawaan ang diskusyon na kasama ang iyong anesthetist o preoperative assessment staff:

## Choosing Wisely UK BRAN framework

Gamitin ito bilang paalala na magtanong tungkol sa gamutan.

[https://bit.ly/CWUK\\_leaflet](https://bit.ly/CWUK_leaflet)

## Mayroong tatlong tanong ang NHS

Maaaring mayroong mga pagpipilian tungkol sa iyong pangangalaga sa kalusugan.

[https://bit.ly/NHS\\_A3Qs](https://bit.ly/NHS_A3Qs)

## **Ang Centre for Perioperative Care (CPOC)**

Ang CPOC ay gumawa ng animation para ipaliwanag ang pinagsamang paggawa ng desisyon.

[www.cpod.org.uk/shared-decision-making](http://www.cpod.org.uk/shared-decision-making)

## **Mga tanong na maaaring gusto mong alamin**

Kung may mga katanungan sa iyong anesthetic, isulat ang mga ito (maaari mong gamitin ang mga halimbawa sa ibaba at idagdag ang sariling tanong sa espasyo sa ibaba). Kung nais mong makipag-usap sa anesthetist bago ang araw ng iyong operasyon, makipag-ugnayan sa preoperative assessment team na maaaring mag-ayos para makausap mo ang anesthetist sa telepono o makita sila sa isang klinika.

- 1. Mayroon ba akong anumang partikular na panganib mula sa ganitong uri ng anesthetic?**
- 2. Mayroon ba akong anumang mas mataas na panganib mula sa general anesthetic?**
- 3. Ano ang mangyayari kung hindi gumana ang nerve block?**

## Disclaimer

Sinisikap naming tiyaking tumpak at napapanahon ang impormasyon sa polyetong ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin inaasahan na masasagot ng pangkalahatang impormasyon na ito ang lahat ng posibleng tanong mo o na matatalakay nito ang lahat ng maaaring mahalaga para sa iyo. Dapat mong talakayin ang iyong mga desisyon at anumang alalahanin mo sa iyong medikal na team, gamit ang polyetong ito bilang gabay. Hindi dapat ituring na payo ang polyetong ito. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layuning komersyal o pangnegosyo. Para mabasa ang buong disclaimer, mag-click dito ([www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog](http://www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog)).

Gawa ang lahat ng pagsasalin ng komunidad ng mga tagasalin ng Translators Without Borders. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasalang ito para masigurong tumpak hangga't maaari ang mga salin, ngunit maaaring magkaroon ng mga hindi tumpak na salin at maling pagpapakahulugan sa ilang impormasyon.

## Sabihin sa amin kung ano ang iyong iniisip

Kung mayroon kang anumang pangkalahatang komento, mangyaring i-email ang mga ito sa: [patientinformation@rcoa.ac.uk](mailto:patientinformation@rcoa.ac.uk)

### Royal College of Anaesthetists

Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG  
020 7092 1500

**rcoa.ac.uk**

### Ikatlong Edisyon, Hunyo 2023

Susuriin ang leaflet na ito sa loob ng tatlong taon mula sa petsa ng paglathala.

#### © 2023 Royal College of Anaesthetists

Maaaring kopyahin ang leaflet na ito kung ang layunin ay ang paggawa ng mga materyales ng impormasyon para sa pasyente. Paki-quote itong orihinal na pinagmulan. Kung may bahagi ng leaflet na nais mong gamitin sa ibang publikasyon, dapat na magbigay ng angkop na pagkilala at alisin ang mga logo, branding, larawan, at icon. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.